**Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy**

KAISER PERMANENTE — REHIYON NG NORTHERN CALIFORNIA

INILALARAWAN SA ABISONG ITO KUNG PAANO GAGAMITIN AT IBABAHAGI SA IBA ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKAROON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.

PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Sa abisong ito, ginagamit namin ang mga salitang "kami," "amin," at "namin" para ilarawan ang Kaiser Permanente—Rehiyon ng Northern California. Para sa higit pang detalye, sumangguni sa seksyon IV ng abisong ito.

## I. ANO ANG "PINOPROTEKTAHANG IMPORMASYON SA KALUSUGAN"?

Ang iyong pinoprotektahang impormasyon sa kalusugan (protected health information, PHI) ay ang impormasyon sa kalusugan na maaaring kumilala sa isang indibiduwal. Kasama rito ang demograpikong impormasyon, tungkol sa kondisyon ng kalusugan ng katawan o pag-iisip mo noong nakaraan, sa kasalukuyan o sa hinaharap. Kasama rin dito ang mga natanggap mong serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan, at pagbabayad para sa pangangalaga ng kalusugan noong nakaraan, sa kasalukuyan, o sa hinaharap. Tumutukoy ang demograpikong impormasyon sa pangalan, social security number, address, at petsa ng kapanganakan mo. Kabilang din sa PHI ang data ng lahi/etnisidad, wika, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, at panghalip.

Ang PHI ay posibleng nasa anyong pasalita, pasulat, o elektroniko. Kasama sa mga halimbawa ng PHI ang iyong medikal na rekord, rekord ng mga claim, impormasyon sa pag-enroll o pag-alis sa pagkaka-enroll, at komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong provider sa pangangalaga ng kalusugan tungkol sa pangangalaga sa iyo.

Kung tatanggalan ng pagkakakilanlan ang PHI mo alinsunod sa mga pamantayan ng Batas sa Portability at Accountability sa Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA), hindi na ito PHI.

Kung miyembro ka ng Kaiser Foundation Health Plan at isa ka ring empleyado ng anumang kumpanya ng Kaiser Permanente, hindi kasama sa PHI ang impormasyon sa kalusugan sa iyong mga rekord sa trabaho.

## II. TUNGKOL SA AMING RESPONSIBILIDAD NA PROTEKTAHAN ANG PHI MO

Alinsunod sa batas, dapat naming

1. protektahan ang privacy ng PHI mo;
2. ipaalam sa iyo ang mga karapatan mo at ang aming mga legal na tungkulin hinggil sa PHI mo;
3. abisuhan ka kung may paglabag sa hindi secure na PHI mo; at
4. ipaalam sa iyo ang tungkol sa mga kasanayan sa privacy at sundin ang aming abiso na kasalukuyang may bisa.

Sineseryoso namin ang mga tungkuling ito, at nagtalaga kami ng mga pangkaligtasang hakbang sa pangangasiwa (gaya ng mga pagsasanay sa kaalamang panseguridad at mga patakaran at pamamaraan), teknikal na pangkaligtasang hakbang (gaya ng pag-encrypt at mga password), at pisikal na pangkaligtasang hakbang (gaya ng mga nakakandadong lugar at pangangailangan ng mga badge) para protektahan ang PHI mo at, gaya ng dati na naming ginagawa, patuloy kaming magsasagawa ng mga naaangkop na hakbang para protektahan ang privacy ng PHI mo.

Maaari rin naming isiwalat ang iyong PHI sa iba, tulad ng nakabalangkas sa mga susunod na pahina, alinsunod sa mga pahintulot na ipinagkaloob ng mga regulasyon ng Batas sa Portability at Accountability sa Insurance sa Kalusugan (HIPAA). Hindi na poprotektahan ng HIPAA ang anupamang karagdagang pagsisiwalat ng mga tatanggap ng PHI mo.

**III. ANG IYONG MGA KARAPATAN HINGGIL SA IYONG PHI**

Tungkol ang seksyong ito sa mga karapatan mo hinggil sa PHI mo at inilalarawan nito kung paano mo magagamit ang mga karapatang ito.

**Ang karapatan mong ma-access at baguhin ang PHI mo**

Alinsunod sa ilang partikular na pagbubukod, may karapatan kang tingnan ang o kumuha ng kopya ng PHI mo na nasa aming rekord, kaugnay ng pangangalaga o mga pasya tungkol sa pangangalaga o pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo. Alinsunod sa ilang partikular na pagbubukod, dapat isumite ang mga kahilingan nang pasulat. Posible ka naming singilin ng makatuwiran at nakabatay sa gastos na bayarin para sa mga kopya, buod o paliwanag ng PHI mo.

Kung wala sa amin ang rekord na hinihiling mo pero alam namin kung sino ang may hawak nito, sasabihin namin sa iyo kung kanino ka dapat makipag-ugnayan at kung kanino mo ito dapat hingin. Sa mga limitadong sitwasyon, posible naming tanggihan ang ilan o lahat ng iyong kahilingan na makita o matanggap ang mga kopya ng iyong mga rekord, pero kung gagawin namin ito, sasabihin namin ito sa iyo nang pasulat at ipapaliwanag namin ang iyong karapatan, kung mayroon man, na suriin ang aming pagtanggi.

Kung naniniwala kang may pagkakamali sa PHI mo o may nawawalang mahalagang impormasyon, puwede mong hilingin na iwasto o idagdag namin ito sa rekord. Dapat na pasulat ang mga kahilingan, sabihin sa amin kung anong mga pagwawasto o pagdaragdag ang hinihiling mo, at kung bakit kailangang magsagawa ng mga pagwawasto o pagdaragdag. Sasagot kami nang pasulat pagkatapos suriin ang kahilingan mo. Kung aaprubahan namin ang iyong kahilingan, isasagawa namin ang pagwawasto o pagdaragdag sa PHI mo. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, sasabihin namin sa iyo kung bakit, at ipapaliwanag namin ang iyong karapatang maghain ng isang nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon. Dapat limitado ang pahayag mo sa 250 salita para sa bawat item sa iyong rekord na pinapaniwalaan mong mali o hindi kumpleto. Dapat mong malinaw na sabihin sa amin kung gusto mong isama ang iyong pahayag sa mga pagsisiwalat sa hinaharap na gagawin namin sa bahaging iyon ng rekord mo. Posible kaming magsama ng isang buod sa halip ng iyong pahayag.

Isumite ang lahat ng nakasulat na kahilingan sa pasilidad ng Kaiser Permanente o sa medikal na tanggapan kung saan mo natanggap ang iyong pangangalaga. Kung kailangan mo ang address na iyon, pakitawagan ang Call Center ng Serbisyo sa Miyembro sa 1-800-464-4000 (TTY 711). Gayunpaman, kung hindi mo alam kung nasaan ang gusto mong rekord, mangyaring sumulat sa amin sa Director of Privacy & Security Compliance, Kaiser Permanente Ethics & Compliance Office, 1 Kaiser Plaza, Oakland, CA 94612, 19th Floor.

**Ang iyong karapatan na piliin kung paano namin ipapadala ang PHI sa iyo o sa ibang tao**

Puwede mong hilingin sa amin na ipadala sa iyo sa ibang address ang PHI mo (halimbawa, sa address ng iyong trabaho) o sa ibang paraan (halimbawa, sa pamamagitan ng fax sa halip na regular na sulat).

Kung sino-store ang PHI mo sa elektronikong paraan, puwede kang humingi ng kopya ng mga rekord sa elektronikong format na ibinibigay ng Kaiser Permanente. Puwede ka ring gumawa ng isang partikular na nakasulat na kahilingan sa Kaiser Permanente para magpadala ng kopya ng PHI mo sa isang nakatalagang third party. Posible kaming maningil ng makatuwiran at nakabatay sa gastos na bayarin.

**Ang iyong karapatang makatanggap ng kumpidensiyal na mga komunikasyon**

May karapatan kang hilingin na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa mga bagay ukol sa kalusugan sa isang alternatibong address sa koreo, email address, o numero ng telepono.

Maaari kang magbigay sa amin ng alternatibong address para maipadala namin ang mga komunikasyon tungkol sa iyong pagtanggap ng mga sensitibong serbisyo (serbisyong pangkalusugan kaugnay ng kalusugan ng isip at pag-uugali, kalusugang seksuwal at pag-aanak, impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pakikipagtalik, pagkalulong sa droga o alak, pangangalagang nagpapatibay sa kasarian, at karahasan sa mga asawa o kinakasama) nang direkta sa iyo. Kung hindi ka nagbigay ng alternatibong address, ipapadala namin ang lahat ng komunikasyong kaugnay ng pagtanggap mo ng mga sensitibong serbisyo sa iyong pangalan sa address o numero ng telepono sa aming talaan.

Kinabibilangan ang mga komunikasyon na sakop ng talatang ito ng mga sumusunod na komunikasyong nakasulat, pasalita, o elektroniko:

(i) Mga listahan ng bayarin at pagtatangkang singilin ang bayad.

(ii) Abisong may kaugnayan sa hindi pag-apruba ng mga benepisyo.

(iii) Abisong may kaugnayan sa paliwanag ng mga benepisyo.

(iv) Kahilingan ng insurer sa kalusugan para sa karagdagang impormasyong may kaugnayan sa isang claim.

(v) Abisong may kaugnayan sa isang kinuwestyong claim.

(vi) Ang pangalan at address ng provider, deskripsyon ng mga serbisyong ibinigay, at iba pang impormasyong kaugnay ng pagpapatingin.

(vii) Anumang nakasulat, pasalita, o elektronikong komunikasyon mula sa insurer sa kalusugan na naglalaman ng protektadong impormasyon tungkol sa kalusugan.

Para magbigay ng kumpidensiyal na address para sa pagtanggap ng mga kumpidensiyal na komunikasyon, maaari mong kumpletuhin ang form ng kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon na nasa ilalim ng home page ng KP.org (sa Ingles) o makipag-ugnayan sa Call Center para sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-800-464-4000 (TTY 711) para sa tulong.

**Ang iyong karapatan sa listahan ng mga pagsisiwalat ng PHI**

Puwede kang humingi sa amin ng listahan ng mga pagsisiwalat ng PHI mo. Sumulat sa amin sa Director of Privacy & Security Compliance, Kaiser Permanente Ethics & Compliance Office, 1 Kaiser Plaza, Oakland, CA 94612, 19th Floor. May karapatan kang makakuha ng walang bayad na listahan ng pagsisiwalat sa anumang 12 buwang panahon. Kung hihiling ka ng anumang karagdagang listahan pagkalipas nang wala pang 12 buwan, posibleng singilin ka namin.

Hindi kasama sa listahan ang ilang partikular na pagsisiwalat, halimbawa, mga pagsisiwalat:

- para magsagawa ng pagpapagamot, pagbabayad, at pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan;
- kung saan may nilagdaang awtorisasyon ang Kaiser Permanente;
- ng PHI mo sa iyo;
- mula sa directory ng pasilidad ng Kaiser Permanente;
- para sa mga notipikasyon para sa mga layunin ng pagtulong sa panahon ng sakuna;
- para sa mga taong nauugnay sa iyong pangangalaga at taong kumikilos sa ngalan mo; o
- hindi nasasaklawan ng karapatan sa paglilista.

May karapatan ka sa listahan ng mga pagsisiwalat ng isang tagapamagitan para sa mga rekord na isiwalat nang may nakasulat na pahintulot sa isang SUD Program. Limitado ang listahan ng mga pagsisiwalat sa mga pagsisiwalat na ginawa sa loob ng nakalipas na 3 taon mula sa petsa ng iyong kahilingan.

**Ang iyong karapatan na hilinging limitahan ang mga paggamit at pagsisiwalat ng PHI mo**

Puwede mong hilingin na limitahan namin ang aming mga paggamit at pagbubunyag ng PHI mo para sa mga layunin ng pagpapagamot, pagbabayad, at pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Susuriin at isasaalang-alang namin ang kahilingan mo. Puwede kang sumulat sa pasilidad ng Kaiser Permanente o sa medikal na tanggapan kung saan mo natanggap ang pangangalaga mo para maisaalang-alang ang iyong kahilingan. Kung kailangan mo ang address na iyon, pakitawagan ang Call Center ng Serbisyo sa Miyembro sa 1-800-464-4000 (TTY 711). Gayunpaman, kung hindi mo alam kung nasaan ang gusto mong rekord, mangyaring sumulat sa amin sa Director of Privacy & Security Compliance, Kaiser Permanente Ethics & Compliance Office, 1 Kaiser Plaza, Oakland, CA 94612, 19th Floor.

Hindi namin kailangang sumang-ayon sa kahilingan mo, maliban na lang kung humihiling ka ng paghihigpit sa mga pagbubunyag sa isang planong pangkalusugan o insurer para sa mga layunin ng pagbabayad o pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at nabayaran na nang buo at mula sa sariling bulsa ang mga item o serbisyo. Gayunpaman, puwede pa rin naming ibahagi ang impormasyon sa isang planong pangkalusugan o insurer para sa mga layunin ng paggamot sa iyo. Kung hindi mababayaran ang mga serbisyong ito nang buo at mula sa sariling bulsa mo o ng isang tao sa ngalan mo, hindi namin kailangang sumang-ayon sa kahilingan mong paghigpitan ang mga paggamit o pagbubunyag ng PHI para sa mga layunin ng pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, pagbabayad, o pagpapagamot.

Para sa mga kahilingan na paghigpitan ang PHI mo para sa mga layunin ng pagbabayad o pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, pakihiling ang paghihigpit bago tumanggap ng mga serbisyo sa pasilidad ng Kaiser Permanente o sa medikal na tanggapan kung saan mo tatanggapin ang iyong pangangalaga.

**Ang iyong karapatang makatanggap ng nasa papel na kopya ng abisong ito**

May karapatan ka ring makatanggap ng nasa papel na kopya ng abisong ito, kung hihilingin mo.

**IV. MGA KUMPANYA NG KAISER PERMANENTE NA NAPAPAILALIM SA ABISONG ITO**

Naaangkop ang abisong ito sa Rehiyon ng Northern California ng Kaiser Permanente, kung saan kasama ang

- The Permanente Medical Group (TPMG),
- Kaiser Foundation Health Plan, Inc., kasama ang planong pangkalusugan nito at ang pagpapatakbo ng provider, at ang
- Kaiser Foundation Hospitals (KFH).

Kabilang sa aming mga lugar ng paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan ang mga medikal na tanggapan, ospital, at ambulatory surgery center ng Kaiser Permanente, at iba pang lisensyadong pasilidad ng Kaiser Permanente sa rehiyon, pagpapayo sa mga miyembro sa pamamagitan ng pagtawag at sentro para sa appointment, at ang aming mga Web site at mobile application para sa miyembro.

Para maibigay sa iyo ang pangangalagang pangkalusugan na inaasahan mo, para gamutin ka, para magbayad sa pangangalaga sa iyo, at para isagawa ang aming mga pagpapatakbo, tulad ng pagsiguro sa kalidad, akreditasyon, paglilisensya at pagsunod, ibinabahagi ng mga kompanyang ito ng Kaiser Permanente sa isa't isa ang PHI mo.

Maaaring may access ang aming mga kawani sa PHI mo bilang mga empleyado, doktor, propesyonal na miyembro ng staff ng mga pasilidad ng KFH, at iba pang taong awtorisadong maglagay ng impormasyon sa medikal na rekord ng pasilidad ng KFH, mga boluntaryo, o taong tumutulong sa amin sa iba pang kapasidad.

**V. PAANO NAMIN POSIBLENG GAMITIN AT IBUNYAG ANG IYONG PHI**

Mahalaga sa amin ang iyong pagiging kumpidensyal. Inaatasan ang aming mga doktor at empleyado na panatilihin ang pagiging kumpidensyal ng PHI ng aming mga miyembro/pasyente at may mga patakaran at pamamaraan kami at iba pang pag-iingat para protektahan ang PHI mo mula sa hindi wastong paggamit at pagbubunyag. Kung minsan, pinapayagan kami ng batas na gamitin at ibunyag ang ilang partikular na PHI nang walang nakasulat na pahintulot mo. Maikli naming inilalarawan sa ibaba ang mga paggamit at pagbubunyag na ito at nagbibigay rin kami doon ng ilang halimbawa.

Nakadepende ang dami ng PHI na gagamitin at ibubunyag nang walang nakasulat na pahintulot mo, halimbawa, sa layunin ng paggamit o pagbubunyag. Kung minsan, kailangan lang naming gumamit o magbunyag limitadong dami ng PHI, tulad ng pagpapadala sa iyo ng paalala sa appointment o kumpirmahing miyembro ka ng isang planong pangkalusugan. Sa ibang pagkakataon, posible kaming gumamit o magbunyag ng higit pang PHI tulad ng kapag nagbibigay kami ng medikal na pagpapagamot.

- **Pagpapagamot:** Ito ang pinakamahalagang paggamit at pagbubunyag ng PHI. Halimbawa, ginagamit at ibinubunyag ng aming mga doktor, nurse, at iba pang kawani sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang mga trainee, na nauugnay sa iyong pangangalaga, ang PHI mo

para i-diagnose ang kundisyon mo at suriin ang mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan mo. Gagamitin at ibubunyag ng aming kawani ang PHI mo para ibigay at asikasuhin ang pangangalaga at mga serbisyong kinakailangan mo: halimbawa, mga inireresetang gamot, X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo. Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa mga provider sa pangangalagang pangkalusugan na hindi bahagi ng Kaiser Permanente, tulad ng mga mapagkukunan ng serbisyo sa komunidad para tulungan ka sa mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa bahay, posible naming ibunyag ang PHI mo sa kanila.

- **Pagbabayad:** Posibleng kailanganin ang PHI mo para malaman ang aming responsibilidad na bayaran ang, o pahintulutan kaming maningil at mangolekta ng bayad para sa, paggamot at mga serbisyong nauugnay sa kalusugan na natanggap mo. Halimbawa, posibleng magkaroon ka ng obligasyong magbayad para sa pangangalagang pangkalusugan na natanggap mo mula sa isang hindi nauugnay na provider. Kapag ipinadala mo o ng provider mo sa amin ang bayarin para sa mga serbisyo sa pangangalangang pangkalusugan, ginagamit at ibinubunyag namin ang PHI mo para malaman kung gaano kalaking bahagi ng bayarin, kung mayroon man, ang responsilidad naming bayaran.
- **Mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan:** Posible naming gamitin at ibunyag ang PHI mo para sa ilang partikular na pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan—halimbawa, pagsusuri at pagpapahusay ng kalidad, pagsasanay at pagsusuri ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, paglilisensya, akreditasyon, at pagpapasya ng mga premium at iba pang gastos sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan.
- **Mga katuwang sa negosyo:** Posible kaming makipagkontrata sa mga katuwang sa negosyo para magsagawa ng ilang partikular ng pagkilos o aktibidad sa aming ngalan, tulad ng mga pagpapatakbo sa pagbabayad at pangangalagang pangkalusugan. Dapat sumang-ayon ang mga katuwang na ito sa negosyo na protektahan ang PHI mo.
- **Mga paalala sa appointment:** Posible naming gamitin ang PHI mo para makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong mga appointment para sa pagpapagamot at iba pang pangangalagang pangkalusugan na posible mong kailanganin.
- **Pagpapatunay ng pagkakakikanlan:** Posible ka naming kunan ng litrato para sa mga layunin ng pagkakilanlan, at itatabi namin ang iyong litrato sa medikal na rekord mo. Para ito sa iyong proteksyon at kaligtasan, pero puwede kang mag-opt out.
- **Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan:** Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyon sa elektronikong paraan sa ibang organisasyon sa pamamagitan ng network ng Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Exchange, HIE). Posibleng kasama sa ibang organisasyong ito ang mga ospital, laboratoryo, provider sa pangangalagang pangkalusugan, departamento ng pampublikong kalusugan, planong pangkalusugan, at iba pang kalahok. Nagpapatakbo ang Kaiser Permanente ng network ng HIE sa mga rehiyon ng Kaiser Permanente, at lumalahok ito sa iba't ibang network ng HIE kasama ng ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Kaiser Permanente, na mayroon ding mga elektronikong system ng medikal na rekord. Mas mabilis sa elektronikong paraan ang pagbabahagi ng impormasyon para maihatid ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo. Halimbawa, kung

kailangan mong pumunta sa emergency room ng ospital, na nasa iisang network ng HIE ng Kaiser Permanente, magagawa ng mga doktor sa emergency room na ma-access ang iyong impormasyong pangkalusugan sa Kaiser Permanente para makatulong na gumawa ng mga desisyon sa paggamot para sa iyo. Ang mga kalahok sa HIE na tulad ng Kaiser Permanente ay inaatasang tumugon sa mga panuntunang nagpoprotekta sa privacy at seguridad ng iyong pangkalusugan at personal na impormasyon.

- Desisyon mo ang paglahok sa HIE. Maaari mong piliing hindi ibahagi ang iyong impormasyon sa elektronikong paraan sa pamamagitan ng HIE ("mag-opt out") anumang oras, sa pamamagitan ng form na "Pag-opt Out sa Pagpapalitan ng Impormasyong Pangkalusugan" na available dito. Kung pipiliin mong mag-opt out sa HIE, hindi nito maaapektuhan ang access mo sa pangangalaga sa Kaiser Permanente sa anumang paraan.
- Kung naglalaman ang medikal na rekord mo ng partikular na impormasyon (tulad ng mula sa isang programa para sa pagkalulong sa droga) na nangangailangan ng iyong pahintulot sa ilalim ng pang-estado o pederal na batas bago maibahagi ang impormasyon, hindi ibibigay ng Kaiser Permanente ang impormasyong iyon sa iba mo pang provider sa pagpapagamot sa pamamagitan ng HIE hanggang sa magbigay ka ng pahintulot. Para alamin kung kailangan ang iyong pahintulot bago maibigay ng Kaiser Permanente ang iyong mga rekord sa pamamagitan ng HIE at para magbigay ng pahintulot, mag-click dito https://healthy.kaiserpermanente.org/health/mycare/consumer/my-health-manager/my-medical-record/authorize-sharing/ (sa Ingles).
- Alinsunod sa batas ng California, hindi ibabahagi ang medikal na impormasyong nauugnay sa aborsyon at serbisyong nauugnay sa aborsyon sa mga entity sa labas ng California maliban kung nagbigay ka ng may bisang awtorisasyon o pinapayagan ng batas ang pagbabahagi nang walang awtorisasyon mo.

- **Mga partikular na uri ng PHI:** May mas mahihigpit na kinakailangan para sa paggamit at pagbubunyag ng ilang uri ng PHI—halimbawa, impormasyon ng pasyenteng may problema sa kalusugan ng pag-iisip at pagkalulong sa bawal na gamot at pag-inom ng alak, pagsusuri sa HIV, at impormasyon sa genetic na pagsusuri. Gayunpaman, may mga sitwasyon pa rin kung kailan puwedeng gamitin at ibunyag ang mga ganitong uri ng impormasyon nang wala ang awtorisasyon mo. Kung magiging pasyente ka sa aming programa ng karamdaman sa paggamit ng droga (substance use disorder, SUD), bibigyan ka namin ng hiwalay na nakasulat na abiso, tulad ng iniaatas ng batas, tungkol sa iyong mga karapatan sa privacy para sa iyong PHI sa programa ng SUD.
- Para sa paggamit at paghahayag ng iyong mga rekord sa karamdaman sa paggamit ng droga (SUD) na na-generate mula sa isang Programa ng SUD, maaari kang magbigay ng isang pahintulot para sa lahat ng paggamit o pagbubunyag sa hinaharap para sa mga layunin ng pagpapagamot, pagbabayad, at pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng inilalarawn sa abisong ito. Kapag ibinigay ang isang pahintulot, maaari naming gamitin at ibunyag ang mga rekord na iyon para sa pagpapagamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan ayon sa pinapayagan ng mga regulasyon ng HIPAA, maliban kung babawiin mo ang pahintulot mo sa pamamagitan ng pagsulat.

- **Paggarantiya:** Puwede naming gamitin at ibunyag ang PHI mo, hanggang sa limitasyong pinapahintulutan ng naaangkop na batas, para sa mga layunin ng paggarantiya, kasama ang pagpapasya tungkol sa pagiging kuwalipikado sa benepisyo at mga gastusin sa saklaw, at para magsagawa ng iba pang aktibidad na nauugnay sa pagbibigay ng patakaran ng benepisyo. Gayunpaman, hindi namin isasama sa pagsusuri o pagbubunyag para sa mga layunin ng paggarantiya ang data ng genetic na impormasyon, lahi/etnisidad, wika, kinikilalang kasarian, sekswal na oryentasyon, at panghalip. Kasama sa iyong genetic na impormasyon ang impormasyon tungkol sa iyong mga genetic na pagsusuri, genetic na pagsusuri ng mga kapamilya mo, at paghiling o pagtanggap mo o ng sinumang kapamilya ng mga genetic na serbisyo.
- **Mga komunikasyon sa pamilya at iba pa kapag nariyan ka:** Kung minsan, may kasama kang kapamilya o iba pang taong nauugnay sa iyong pangangalaga kapag tinatalakay namin sa iyo ang PHI mo. Kung tutol ka, pakisabi sa amin at hindi namin tatalakayin ang PHI mo, o hihilingin namin sa taong iyon na umalis.
- **Mga komunikasyon sa pamilya at iba pa kapag wala ka:** Posibleng magkaroon ng mga pagkakataon kung kailan dapat ibahagi sa iba ang PHI mo sa isang kapamilya o sa iba pang taong nauugnay sa iyong pangangalaga dahil may emergency, wala ka, o wala kang kakayahang sumang-ayon o tumutol. Sa mga sitwasyong iyon, gagamitin namin ang aming propesyonal na pagpapasya para matukoy kung makakabuti ba sa iyo na ibunyag ang PHI mo. Kung makakabuti ito, lilimitahan namin ang pagbubunyag ng PHI na direktang may kinalaman sa kaugnayan ng indibidwal sa pangangalagang pangkalusugan mo. Halimbawa, posibleng payagan namin ang isang tao na kumuha ng reseta para sa iyo.
- **Pagbubunyag sa kaso ng pagtulong sa panahon ng sakuna:** Posible naming ibunyag ang iyong pangalan, tinitirhang lungsod, edad, kasarian, at pangkalahatang kondisyon sa isang pampubliko o pribadong organisasyon para sa tulong sa panahon ng sakuna para makatulong sa mga pagsisikap na umagapay sa panahon ng sakuna, maliban na lang kung tututulan mo ito.
- **Mga pagbubunyag sa mga magulang bilang mga personal na kinatawan ng mga menor de edad:** Sa karamihan ng kaso, maaari naming ibunyag sa iyo ang PHI ng iyong menor de edad na anak. Sa ilang sitwasyon, gayunpaman, pinapahintulutan o inaatasan kami ng batas na tanggihan ang pag-access mo sa PHI ng iyong menor de edad na anak. Halimbawa, kailangan naming tumanggi sa nasabing pag-access, batay sa uri ng pangangalagang pangkalusugan, kapag menor de edad na 12 taon pataas na nagpapatingin para sa nakakahawang sakit o kondisyon. Halimbawa pa, kailangan naming tumanggi sa pag-access ng mga magulang, kapag may mga karapatan ng nasa hustong gulang ang mga menor de edad para gumawa ng sariling pasya nila sa pangangalagang pangkalusugan. Kasama sa mga menor de edad na ito, halimbawa, ang mga menor de edad na dati nang ikinasal o kasal sa kasalukuyan, o may deklarasyon ng emansipasyon mula sa isang hukuman.

- **Mga Directory ng Pasilidad:** Kung isa kang pasyente sa isa sa aming mga pasilidad, puwede kaming gumawa ng direktoryo na may pangalan, lokasyon ng kuwarto, at pangkalahatang kundisyon mo. Posibleng ibunyag ang impormasyong ito sa isang taong magtatanong tungkol sa iyo gamit ang pangalan mo. Bukod pa rito, puwede naming ibigay ang iyong kinaaanibang relihiyon, kung mayroon, sa pari. Puwede mong tutulan ang paggamit o pagsisiwalat ng ilan sa o lahat ng impormasyong ito. Kung gagawin mo iyon, hindi namin ito isisiwalat sa mga bisita o iba pang miyembro ng publiko.
- **Pananaliksik:** Nakikibahagi ang Kaiser Permanente sa malalaki at mahahalagang pananaliksik. Posibleng may mga kasamang medikal na pamamaraan ang ilan sa aming pananaliksik, at limitado naman ang iba sa pangongolekta at pagsusuri ng mga datos sa kalusugan. Posibleng kasama sa lahat ng uri ng pananaliksik ang paggamit o pagsisiwalat ng PHI mo. Sa pangkalahatan, puwedeng gamitin o isiwalat para sa pananaliksik ang PHI mo nang walang pahintulot mo kung aaprubahan ng isang Institusyonal na Lupon ng Pagsusuri (Institutional Review Board, IRB) ang nasabing paggamit o pagsisiwalat. Ang IRB ay isang komite na responsable, sa ilalim ng pederal na batas, para sa pagsusuri at pag-apruba ng pananaliksik na may mga kalahok na tao para maprotektahan ang kaligtasan ng mga kalahok at ang pagiging kumpidensyal ng PHI.
- **Donasyon ng organ:** Maaari naming gamitin o isiwalat ang PHI sa mga organisasyong kumokolekta ng organ para makatulong sa pag-donate ng organ, mata, o iba pang tissue.
- **Mga aktibidad sa kalusugan ng publiko:** Sinasaklaw ng mga aktibidad sa kalusugan publiko ang maraming tungkuling isinasagawa o pinapahintulutan ng mga ahensya ng pamahalaan para maisulong at maprotektahan ang kalusugan ng publiko, at posibleng kailanganin naming ibahagi sa iba ang PHI mo para sa mga ito.
    - Halimbawa, puwede naming ibahagi sa iba ang PHI mo bilang bahagi ng aming obligasyong mag-ulat sa mga awtoridad sa kalusugan ng publiko ng ilang partikular na sakit, pinsala, kondisyon, at mahalagang pangyayari tulad ng panganganak. Kung minsan, puwede naming ibahagi ang PHI mo sa isang taong posibleng nalantad sa isang nakakahawang sakit mula sa iyo, o na kung hindi man ay may posibilidad na makuha o maikalat ang sakit.
    - Ang Food and Drug Administration (FDA) ang responsable para sa pag-track at pagsubaybay ng ilang partikular na medikal na produkto, tulad ng mga pacemaker at hip replacement, para matukoy ang mga problema at pagpalya sa produkto, at pinsalang posibleng naidulot ng mga ito. Kung natanggap mo ang isa sa mga produktong ito, posibleng gamitin at ibunyag namin ang PHI mo sa FDA o iba pang awtorisadong tao o organisasyon, tulad ng gumawa ng produkto.
    - Posibleng gamitin at ibunyag namin ang PHI mo kung kinakailangan para sumunod sa mga pederal at pang-estadong batas na sumasaklaw sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.

- **Pagsubaybay sa kalusugan:** Bilang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan at planong pangkalusugan, napapailalim kami sa pagsubaybay ng mga ahensyang pederal at pang-estado. Posibleng i-audit ng mga ahensyang ito ang aming mga operasyon at aktibidad at sa prosesong iyon, puwede nilang suriin ang PHI mo.

- **Mga pagbubunyag sa iyong employer o organisasyon ng empleyado:** Kung nakatala ka sa Kaiser Foundation Health Plan, Inc. sa pamamagitan ng iyong employer o organisasyon ng empleyado, puwede kaming magbahagi ng ilang partikular na PHI sa kanila nang walang pahintulot mo, pero kapag pinapayagan lang ito ng batas. Halimbawa, puwede naming ibunyag ang PHI mo para sa isang claim sa bayad-pinsala sa mga manggagawa o para matukoy kung nakatala ka sa plano o kung may mga nabayarang premium sa ngalan mo. Para sa iba pang layunin, gaya ng para sa mga inquiry ng iyong employer o organisasyon para sa mga empleyado sa ngalan mo, hihingin namin ang iyong pahintulot kapag kinakailangan sa ilalim ng naaangkop na batas.
- **Bayad-pinsala sa mga manggagawa:** Posible naming gamitin at ibunyag ang PHI mo para masunod ang mga batas sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Halimbawa, puwede naming ibigay ang iyong medikal na impormasyon kaugnay ng pinsala o karamdamang nauugnay sa trabaho sa mga tagapangasiwa ng claim, tagapagdala ng insurance, at iba pang responsable para sa pagsusuri ng iyong claim para sa mga benepisyo sa bayad-pinsala sa mga manggagawa.
- **Militar na aktibidad at pambansang seguridad:** Kung minsan, puwede naming gamitin o ibunyag ang PHI ng mga miyembro ng sandatahang lakas sa mga naaangkop na awtoridad sa militar kung sa palagay nila ay kinakailangan ito para sa maayos na pagsasagawa ng mga misyon sa militar. Puwede rin naming ibunyag ang PHI mo sa mga awtorisadong pederal na opisyal kung kinakailangan para sa mga aktibidad sa pambansang seguridad at intelihensya, o para sa proteksyon ng pangulo at iba pang opisyal ng pamahalaan at taong may mataas na katungkulan.
- **Pangangalap ng pondo:** Puwede naming gamitin o ibunyag ang iyong demograpikong impormasyon at iba pang limitadong PHI tulad ng mga petsa at lugar ng pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa ilang partikular na organisasyon para makaugnayan ka para sa pangangalap ng pondo para sa aming organisasyon. Kung makikipag-ugnayan kami sa iyo para sa mga layunin sa pangangalap ng pondo, bibigyan ka namin ng malinaw na pagkakataon na piliing hindi makatanggap ng higit pang komunikasyon para sa pangangalap ng pondo.
- **Iniaatas ng batas:** Sa ilang sitwasyon, iniaatas ng pederal o pang-estadong batas na ibahagi namin ang PHI mo sa iba. Halimbawa, posibleng suriin ng kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ang aming mga pagsisikap sa pagsunod, na puwedeng kabilang ang pagtingin sa PHI mo.
- **Mga kaso at iba pang legal na pagtatalo:** Puwede naming gamitin at ibunyag ang PHI sa pagtugon sa isang kautusan ng hukuman o pang-administratibong kautusan, subpoena, o kahilingan para sa pagtuklas. Puwede rin naming gamitin at ibunyag ang PHI hanggang sa sukdulang pinapahintulutan ng batas nang walang pahintulot mo, halimbawa, para madepensahan ang isang kaso o arbitrasyon.
- **Pagpapatupad ng batas:** Puwede naming ibunyag ang PHI sa mga awtoridadong opisyal para sa mga layunin sa pagpapatupad ng batas, halimbawa, para matugunan ang search warrant, mag-ulat ng krimen sa aming lugar, o makatulong na tukuyin ang pagkakakilanlan ng isang tao o mahanap ang isang tao.

- **Matinding banta sa kalusugan o kaligtasan:** Puwede naming gamitin at ibunyag ang PHI mo kung sa palagay namin ay kinakailangan ito para maiwasan ang isang matinding banta sa kalusugan o kaligtasan mo o ng ibang tao.
- **Pang-aabuso o kapabayaan:** Sa ilalim ng batas, puwede naming ibunyag ang PHI sa naaangkop na awtoridad para mag-ulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaan sa bata o para matukoy ang pagkakakilanlan ng mga pinaghihinalaang biktima ng pang-aabuso, kapabayaan, o karahasan sa tahanan.
- **Mga coroner at direktor ng punerarya:** Puwede naming ibunyag ang PHI sa isang coroner o medikal na tagasuri para mabigyang-daan ang pagtukoy sa pagkakakilanlan ng isang bangkay, sanhi ng pagkamatay, o iba pang opisyal na tungkulin. Puwede rin naming ibunyag ang PHI sa mga direktor ng punerarya.
- **Mga bilanggo:** Sa ilalim ng pederal na batas na nag-aatas sa aming ibigay sa iyo ang abisong ito, hindi pareho ang mga karapatan ng mga bilanggong kontrolin ang kanilang PHI sa mga karapatan ng iba pang indibidwal. Kung isa kang bilanggo sa isang koreksyonal na institusyon o kung nasa kustodiya ka ng isang opisyal sa pagpapatupad ng batas, puwede naming ibunyag ang PHI mo sa koreksyonal na institusyon o opisyal sa pagpapatupad ng batas para sa ilang partikular na layunin, halimbawa, para maprotektahan ang kalusugan o kaligtasan mo o ng ibang tao.
- **Pag-alis ng pagkakakilanlan:** Magagawa namin o ng isang katuwang sa negosyo na may kontrata sa amin na gamitin ang PHI para alisin ang pagkakakilanlan nito alinsunod sa mga pamantayan ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (HIPAA), at puwede naming ibahagi ang mga datos na naalisan ng pagkakakilanlan sa mga third party kaugnay ng mga operasyon ng Kaiser Permanente.

**VI. NANGANGAILANGAN NG PAUNANG NAKASULAT NA PAHINTULOT ANG LAHAT NG IBA PANG PAGGAMIT AT PAGBUBUNYAG NG IYONG PHI**

Maliban sa mga paggamit at pagbubunyag na inilarawan sa itaas, hindi namin gagamitin o ibubunyag ang PHI mo nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kasama sa ilang sitwasyon kung saan puwede naming hingin ang iyong pahintulot para magamit o maibunyag ang PHI mo ang:

- **Marketing**: Puwede naming hingin ang iyong pahintulot para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo na posibleng gusto mong bilhin o gamitin. Tandaang hindi kasama sa mga komunikasyon para sa marketing ang pakikipag-ugnayan namin sa iyo nang may impormasyon tungkol sa mga alternatibo sa paggamot, inireresetang gamot na ginagamit mo, o produkto o serbisyong nauugnay sa kalusugan na iniaalok namin o na available lang sa mga nagpapatala sa aming planong pangkalusugan. Hindi rin kasama sa marketing ang anumang harapang pakikipag-usap mo sa iyong mga provider tungkol sa mga produkto o serbisyo.
- **Pagbebenta ng PHI**: Maaari lang naming ibenta ang PHI mo kapag binigyan mo kami ng paunang nakasulat na pahintulot na gawin iyon.

- **Mga Tala sa Psychotherapy**: Sa mga bihirang sitwasyon, puwede naming hingin ang iyong pahintulot para sa paggamit at pagbabahagi sa iba ng "mga tala sa psychotherapy." Inilalarawan ng pederal na batas sa privacy ang "mga tala sa psychotherapy," sa partikular, bilang mga talang ginagawa ng propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip na nagre-rekord ng mga pag-uusap sa mga pribado o panggrupong sesyon para sa pagpapayo na pinapanatili nang hiwalay sa iba mo pang medikal na rekord. Sa pangkalahatan, hindi kami nagpapanatili ng mga tala sa psychotherapy, tulad ng inilalarawan ng pederal na batas sa privacy.
- **Mga Tala sa Pagpapayo sa Karamdaman sa Paggamit ng Droga (SUD)**: Sa mga bihirang okasyon, maaari naming hingin ang iyong nakasulat na pahintulot na gumamit at magbunyag ng "mga tala sa pagpapayo sa SUD". Inilalarawan ng pederal na batas sa privacy ang "mga tala sa pagpapayo sa SUD," sa partikular, bilang mga talang nirekord (sa anumang medium) ng provider ng programa ng SUD na isang propesyonal sa SUD o kalusugan ng pag-iisip na nagdodokumento o nagsusuri ng mga pag-uusap sa mga pribadong sesyon para sa pagpapayo sa SUD o panggrupong, pinagsama, o pampamilyang sesyon para sa pagpapayo sa SUD na hiwalay sa iba pang rekord ng SUD at medikal na rekord ng pasyente. Sa pangkalahatan, hindi kami nagpapanatili ng mga tala sa pagpapayo sa SUD, tulad ng inilalarawan ng pederal na batas sa privacy.

  **Mga Rekord ng Karamdaman sa Paggamit ng Droga (SUD):**

  - Ang iyong mga rekord ng SUD, o testimonyang nagpapaalam ng nilalaman ng iyong mga rekord ng SUD, ay hindi gagamitin o ibubunyag sa anumang sibil, pang-administratibo, kriminal, o lehislatibong paglilitis laban sa iyo maliban kung mayroon kaming partikular na nakasulat na pahintulot mo o utos ng hukuman.
  - Gagamitin o ibubunyag lang ang mga rekord ng SUD mo batay sa isang utos ng hukuman pagkatapos ng abiso, at mabibigyan ka o ang mayhawak ng rekord ng pagkakataong madinig.
  - Ang isang utos ng hukuman na nagpapahintulot ng paggamit o pagbubunyag ay dapat may kasamang subpoena o iba pang katulad na legal na kautusan na pumipilit sa pagbubunyag bago magamit o mabunyag ang iyong rekord ng SUD.

Kapag kinakailangan ang pahintulot mo at pinahintulutan mo kaming gamitin o ibahagi sa iba ang PHI mo para sa anumang layunin, puwede mong bawiin ang pahintulot na iyon sa pamamagitan ng pag-abiso sa amin sa pamamagitan ng pagsulat anumang oras. Pakitandaang hindi mailalapat ang pagbawi sa anumang awtorisadong paggamit o pagbubunyag ng PHI mo na nangyari bago namin matanggap ang iyong pagbawi. Bukod pa rito, kung nagbigay ka ng pahintulot na kumuha ng patakaran sa insurance, kasama ang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan mula sa amin, posibleng hindi ka pahintulutang bawiin ito hanggang sa hindi na matutulan ng insurance ang patakarang ibinigay sa iyo o ang isang claim sa ilalim ng nasabing patakaran.

**VII. PAANO MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN TUNGKOL SA ABISONG ITO O PARA MAGREKLAMO TUNGKOL SA AMING MGA KASANAYAN SA PRIVACY**

Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa abisong ito, o kung gusto mong maghain ng reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy, sumulat sa amin sa Director of Privacy & Security Compliance, Kaiser Permanente Ethics & Compliance Office, 1 Kaiser Plaza, Oakland, CA 94612, 19th Floor. o ipaalam ito sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa Call Center ng Serbisyo sa Miyembro sa 1-800-464-4000 (TTY 711). Puwede mo ring abisuhan ang kalihim ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao.

Wala kaming gagawing paghihiganti laban sa iyo sakali mang maghain ka ng reklamo tunglol sa aming mga kasanayan sa privacy.

**VIII. MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO**

Maaari naming baguhin ang abisong ito at ang aming mga kasanayan sa privacy anumang oras, basta't naaayon ang pagbabago sa pang-estado at pederal na batas. Mailalapat ang anumang mababagong abiso sa PHI na mayroon na kami tungkol sa iyo sa panahon ng pagbabago, at sa anumang PHI na magagawa o matatanggap namin pagkatapos mailapat ang pagbabago. Kung may gagawin kaming mahalagang pagbabago sa aming mga kasanayan sa privacy, babaguhin kaagad namin ang abisong ito at gagawin naming available ang bagong abiso sa aming Web site sa www.kp.org/privacy. Maliban sa mga pagbabagong iniaatas ng batas, hindi kami magpapatupad ng mahalagang pagbabago sa aming mga kasanayan sa privacy bago namin baguhin ang abisong ito.

**IX. PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA NG ABISONG ITO**

Magkakaroon ng bisa ang abisong ito sa Pebrero 16, 2026.

Ang sumusunod na Karagdagang Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy para sa Miyembro ng Kaiser Foundation Health Plan Medi-Cal Plan ay nalalapat lang sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa Kaiser Foundation Health Plan sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na entity: Geographic Managed Care Sacramento, Geographic Managed Care San Diego, o Prepaid Health Plan. Ang Karagdagang Abiso na ito ay kasama sa Handbook ng Miyembro ng Medi-Cal

Karagdagang Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy para sa Miyembro ng Kaiser Foundation Health Plan Medi-Cal Plan*

INILALARAWAN SA ABISONG ITO KUNG PAANO GAGAMITIN AT IBABAHAGI SA IBA ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKAROON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.

Bilang bagong miyembro, dapat nakatanggap ka (o malapit nang tumanggap) ng isang kopya ng Karagdagang Abiso ng mga Kasanayan sa Privacy HIPAA ng Rehiyon ng Northern California o Rehiyon ng Southern California ng Kaiser Permanente (ang "Mga Panrehiyong Abiso") kasama ng iyong bagong card ng pagkakakilanlan mula sa Kaiser Permanente. Ipinapaalam sa iyo ng Mga Panrehiyong Abiso ang mga karapatan mo at ang aming mga legal na tungkulin hinggil sa iyong impormasyong pangkalusugan. Naglalarawan din at nagbibigay ng mga halimbawa ang Mga Panrehiyong Abiso kung kailan kami pinapayagan ng batas na gamitin at ibahagi sa iba ang ilang protektadong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong nakasulat na pahintulot; halimbawa, para sa paggamot o sa pagpapatakbo ng pangangalaga ng kalusugan, gaya ng pagpapabuti ng kalidad.

Para lang sa miyembro ng mga planong Medi-Cal ng Kaiser Permanente ang Karagdagang Abiso na ito. Ipinapaliwanag sa iyo ng Karagdagang Abiso na ito ang tungkol sa mga pagkakaiba sa batas ng estado na, sa ilang sitwasyon, nangangailangan sa amin na kumuha ng iyong nakasulat na pahintulot bilang miyembro ng Medi-Cal para ibahagi sa iba ang impormasyon sa kalusugan pero hindi nangangailangan ng nakasulat na pahintulot mula sa isang hindi miyembro ng Medi-Cal.

SA ILALIM NG BATAS NG ESTADO NA NALALAPAT SA MGA BENEPISYARYO NG MEDI-CAL, KAILANGAN NG KAISER PERMANENTE ANG IYONG PAGPAPAHINTULOT PARA GAMITIN O IBAHAGI SA IBA ANG IYONG PANGKALUSUGANG IMPORMASYON SA MGA SUMUSUNOD NA SITWASYON:

- Para magbigay ng medikal na impormasyon sa mga organisasyon na may responsibilidad sa pagkolekta ng mga organ, maliban na lang kung partikular na may kinalaman ang impormasyong medikal sa pagpapapagamot sa iyo kung kandidato ka o tatanggap ng organ transplant.
- Para sumunod sa mga batas ukol sa kaligtasan sa trabaho o mga batas ukol sa bayad-pinsala ng mga manggagawa, maliban na lang kung para sa paggamot o sa mga opisyal ng estado o lokal na pamahalaan ang pagbabahagi;
- Para payagan ang iba pang kumpanya na magbenta ng kanilang mga produkto o serbisyo sa iyo;
- Para magtaguyod ng pondo para sa aming organisasyon;
- Para tugunan ang mga subpoena o mga utos ng hukuman, o mga kautusan mula sa mga ahensya ng pamahalaan, maliban na lang kung may kaugnayan ang mga ito sa administrasyon ng programa ng Medi-Cal o pinapahintulutan ng batas;
- Para mag-ulat ng mga problema sa ilang partikular na medikal na produkto sa FDA o iba pang awtorisadong tao o organisasyon, tulad ng gumawa ng produkto.

Maliban sa mga kasong ito, maaaring gamitin at ibahagi sa iba ng Kaiser Permanente ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan ayon sa mga paglalarawan sa Mga Panrehiyong Abiso.

Maliban sa mga pagbabago na itinakda ng Karagdagang Abiso na ito na naaangkop sa iyo bilang isang miyembro ng Medi-Cal, ang Mga Panrehiyong Abiso ay patuloy na nalalapat. Halimbawa, tulad ng nakasaad sa Mga Panrehiyong Abiso, may karapatan kang humiling ng access sa iyong mga rekord. Isa pang halimbawa, ang bahagi tungkol sa mga pagbabago sa Mga Panrehiyong Abiso ay nalalapat din sa Karagdagang Abiso na ito.

Ang Mga Panrehiyong Abiso ay nagsasaad din kung paano makipag-ugnayan sa amin kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Mga Panrehiyong Abiso. Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Karagdagang Abiso na ito o kung gusto mong maghain ng reklamo tungkol sa aming mga kasanayan sa privacy, tawagan ang aming Call Center para sa Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-800-464-4000. Maaari mo ring abisuhan ang Opisyal sa Privacy ng Departamento ng Mga Serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng California (California Department of Health Services, DHCS) sa pamamagitan ng telepono o sulat gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan na makikita sa dulo ng Karagdagang Abiso na ito.

Seryoso kami sa aming responsibilidad na protektahan ang impormasyong pangkalusugan ng lahat ng aming mga miyembro at pasyente at magpapatuloy kami sa mga nararapat na hakbang para mapanatili ang kaligtasan ng impormasyong iyon. Gaya ng dati, maraming salamat sa pagtitiwala mo sa Kaiser Permanente para sa pangangalagang pangkalusugan mo.

Si necesita ayuda en su idioma, llame a nuestro Centro de Llamadas para Servicios a los Miembros al 1-800-788-0616.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Opisyal sa Privacy ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan ng California:

Privacy Officer

California Department of Health Services

P.O. Box 942732

Sacramento, CA 94234-7320

(916) 255-5259 o 1-877-735-2929 (TTY) * Geographic Managed Care Sacramento, Geographic Managed Care San Diego, o Prepaid Health Plan.